

Ang Komisyon ng Enerhiya ng California Ugat ng Responsibilidad

Ang Komisyon ng Enerhiya ng California ay ang pangunahing polisiya sa enerhiya ng estado at ahensiya ng pagpapalano. Ang ahensiya ay naitatag ng Warren-Alquist Act noong 1974 bilang tugon sa krisis ng enerhiya noong unang bahagi ng 1970s at di-matugunan at lumalaking pangangailangan ng estado ng mapagkukunan ng enerhiya.

Ang Komisyon ng Enerhiya ay binubuo ng limang Komisyoner na hinirang ng Gobernador at kinumpirma ng Senado. Ang mga Komisyoner ay maglilingkod ng limang-taong termino. Ang Gobernador ay nagtatalaga rin ng isang Tagapangulo at Pangalawang Tagapangulo bilang pangunahing mamumuno sa ahensiya.

Ang mga Komisyoner ay kumakatawan sa mga tiyak na lugar ng kadalubhasaan: batas, kapaligiran, ekonomiya, agham / pag-i-inhinyero, at ng publiko sa pangkalahatan.

Ang Komisyon ng Enerhiya ay nakatuon sa pagbabawas ng mga gastos sa enerhiya at epekto sa kapaligiran ng paggamit ng enerhiya - tulad ng emisyon ng greenhouse gas - habang tinitiyak ang isang ligtas, naibabagay, at maaasahang supply ng enerhiya.

Pito ang pangunahing gabay sa responsibilidad ng Komisyon ng Enerhiya habang binunuo ang patakaran at mga plano para sa enerhiya ng California at para planong malinis na enerhiya sa hinaharap:

Pagsulong ng Patakaran sa Enerhiya ng Estado

Tinukoy at tinasa ng Komisyon ng Enerhiya ang mga pangunahing kalakaran ng enerhiya at mga suliranin sa California. Pagkatapos ay bubuo ang ahensiya ng mga stratehiya at solusyon sa patakaran upang matugunan ang mga suliraning ito habang isinusulong ang mga layunin sa enerhiya ng estado. Upang makatulong sa pagpapaulad ng pagpapalano ng imprastruktura

ng enerhiya at patakaran ng enerhiya ng estado, ang Komisyon ng Enerhiya ay naglaan din ng kuryente at likas na gas inaasahang kakailanganin sa hinaharap.

Pagkamit ng Kahusayan sa Enerhiya

Ang Komisyon ng Enerhiya ay nagtataguyod ng mahusay na enerhiya sa buong estado sa pamamagitan ng pagtatakda at pag-update mga gusali sa California at pamantayan ng kahusayan sa enerhiya ng mga kasangkapan. Ang mga pamantayang ito ay tumutulong sa California na makamitan ang layunin nito na magkaroon ang lahat ng mga bagong gawa na low-rise residential building na maging zero-net-energy (ZNE) sa taong 2020 at ang mga bagong commercial buildings ay maging ZNE sa 2030. Ang ahensiya ay bumuo din ng malawakang stratehiya, plano, at mga rekomendasyon sa patakaran upang makamit ang mas higit na matipid na enerhiya sa mga umiiral na gusali. Higit pa rito, ang Komisyon ng Enerhiya ay nangangasiwa ng mga insentibo sa pagtitipid ng enerhiya at pagtatayo ng mga energy end-use information disclosure programs.

Pagpapatunay ng Thermal Power Plants

Ang Komisyon ng Enerhiya ang may pananagutan para sa sertipikasyon at pagsunod ng mga thermal power plant na 50 megawatts (MW) na mas malaki kabilang ang lahat ng pasilidad na may kaugnayan sa proyekto sa California. Ang malinaw na proseso ng sertipikasyon ng ahensiya ay binubuo ng pagsusuri sa disenyo ng engineering at pag-evaluate ng mga epekto sa

kapaligiran ng mga power plant projects sa ilalim ng isang sertipikadong regulatory program upang matiyak na ang mga proyekto ay nakakatugon sa engineering and environmental regulatory requirements at mabawasan ang mga epekto. Para sa mga proyektong sinertipika nito, ang Komisyon ng Enerhiya ang nangangasiwa sa pagtatayo, pagpapatakbo, at pagsasara ng proyekto.

Pamumuhunan sa mga Pagbabago sa Enerhiya

Ang Komisyon ng Enerhiya ay namumuhunan sa mga bagong energy innovation tungo sa mas malinis, mas ligtas, mas abot-kaya at mas maaasahang enerhiya para sa hinaharap ng California. Ang mga programa sa pananaliksik at pagpapaunlad ng Komisyon ng Enerhiya ang nagbibigay sa mga taga-California ng pinabuting produkto at serbisyo ng enerhiya. Ang mga proyekto ay pinondohan sa larangan ng kahusayan, napanunumbalik, at makabagong makinana nakakagawa ng malinis na enerhiya, paghahatid at pamamahagi ng enerhiya, transportasyon at may kinalaman sa enerhiya na epekto sa kapaligiran. Ang mga proyektong ito ay ginagamit upang ang mga talento ng mga kumpanya at mga mananaliksik ng California ay makapagdala ng mga solusyon sa merkado.

Pagbabago ng Transportasyon

Nag-aalok ang Komisyon ng Enerhiya ng mga insentibo sa layunin na makabuo at makapagsagawa ng mga alternatibong gatong na may mababang carbon at makabagong teknolohiya ng sasakyan. Ang mapanganib na pamumuhunan ito ay sumusuporta sa layunin ng estado na mai-deploy ang isang milyong zero-emission vehicles (ZEV) sa 2020. Ang Komisyon ng Enerhiya ay nangangalap, nag-aaral, at nagpapaliwanag ng datos na ibinigay ng industriya ng petrolyo upang masubaybayan at maturuan ang publiko tungkol sa kasalukuyang presyo

ng petrolyo at suliranin sa suplay at pangangailangan at mga panganib.

Pagpapabuti ng Napanunumbalik na Enerhiya

Ang Komisyon ng Enerhiya ay may mahabang kasaysayan ng pagsuporta sa pagpapaunlad ng malinis, napanunumbalik na mapagkukunan upang matugunan ang mga lumalaking pangangailangan ng kuryente ng California. Ang ahensiya ay nagbibigay ng mga insentibo para sa mga solar photovoltaic system sa mga bagong tahanan sa suporta ng dalawa sa mga malinis na layunin ng California: pagdaragdag ng 20,000 MW ng solar sa antas ng customer sa katapusan ng 2020 at pagkakaroon ng lahat ng mga bagong mababang tirahang gusali ay magiging ZNE sa 2020.

Sinusuportahan din ng Komisyon ng Enerhiya ang 50 porsiyento ng estado na Renewables Portfolio Standard (RPS) sa pamamagitan ng pagpapatunay ng mga renewable power plant at pagpapatunay ng napanunumbalik na kuryente na ginagamit upang sumunod sa pamantayan, at sa pamamagitan ng pagpapatupad ng pagsunod sa RPS para sa mga pampublikong pag-aari ng mga kagamitan ng estado.

Bilang karagdagan, ang Komisyon ng Enerhiya ay nagbibigay ng mga insentibo para pagplaplano tungkol sa napanunumbalik na enerhiya at mapagkukunan ng geothermal at tinitiyak na ibabahagi ng mga mangagawa sa mga mamimili ang mga impormasyon tungkol sa kanilang mga mapagkukunan ng kuryente.

Paghahanda para sa mga Emerhensiya sa Enerhiya

Ang Komisyon ng Enerhiya ay bumubuo ng planong tugon sa emerhensiyang enerhiya ng estado at nangangasiwa sa mga programa ng emerhensiyang at mga maaaring mangyari upang epektibong makatugon sa mga kakulangan ng suplay ng petrolyo sa California, lokal na pagkagambala sa suplay ng enerhiya at mga suliranin sa pangangailangan ng kuryente.

Edmund G. Brown Jr.
Governor

Robert B. Weisenmiller, Ph.D.
Chair

Drew Bohan
Executive Director

Commissioners
Karen Douglas, J.D.
David Hochschild
J. Andrew McAllister, Ph.D.
Janea A. Scott, J.D.



CALIFORNIA
ENERGY COMMISSION

energy.ca.gov | facebook.com/CAEnergy | twitter.com/calenergy